PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 2 (2024)

# In the eyes of man: "Ako ang Kuya"

**Francinne Love C. Delos Santos**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: francinnedelossantos@gmail.com

**Troy C. Cañete**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: canetetroy464@gmail.com

**Irish C. Caralos**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: irishcaralos174@gmail.com

**JufriaAlyanna L. Embuscado**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: jufrialabawan02@gmail.com

**Emmanuel Drey D. Estorco**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: edestorco@davaodoctors.edu.ph

**Rihanna Kerrisha L. Palapas**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: rkpalapas@davaodoctors.edu.ph

**AifahShirica P. Sumapal**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: sumapalaifahshirica@gmail.com

**Kristina Cazzandra B. Yamson**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: kcyamson@davaodoctors.edu.ph

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstract:** This study, which was prompted by Victoria Estrella C. Bravo's children's short story "Ako ang Kuya," which won 2nd place in the 2019 Don Carlos Palanca Memorial Award, was carried out in response to the persistent discrimination against and lack of understanding of people with disabilities in society. This short story tackles the experiences of Ramon's family and how the people he encountered treated him. To emphasize

the importance of accurate depiction for society to hear the voices and experiences of people with disabilities, the researchers are determined to examine how people see them, the impact of the media, and to be able to correlate these findings with reality. Through the use of theories such as realism, humanism, and sociology, qualitative design, and a review of related literature, the researchers were able to share their analysis and interpretation of the short story and their real-life experiences. The purpose of this study was to learn from the perspectives of those with disabilities, provide a moral lesson and realization, and comprehend the challenges they faced to be able to establish a society that is welcoming of people with disabilities.

**Keywords**: Disability, Discrimination, Media Influence, Ako ang Kuya

Date Submitted: May 10, 2024
Date Accepted: May 20, 2024
Date Published: May 27, 2024

**Sa mata ng tao: “Ako ang Kuya”**

**Francinne Love C. Delos Santos**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: francinnedelossantos@gmail.com

**Troy C. Cañete**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: canetetroy464@gmail.com

**Irish C. Caralos**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: irishcaralos174@gmail.com

**JufriaAlyanna L. Embuscado**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: jufrialabawan02@gmail.com

**Emmanuel Drey D. Estorco**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: edestorco@davaodoctors.edu.ph

**Rihanna Kerrisha L. Palapas**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: rkpalapas@davaodoctors.edu.ph

**AifahShirica P. Sumapal**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: sumapalaifahshirica@gmail.com

**Kristina Cazzandra B. Yamson**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: kcyamson@davaodoctors.edu.ph

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstrak:** Sa patuloy na diskriminasyon at kakulangan ng pag-unawa sa lipunan tungo sa mga taong may kapansanan, isinagawa ng mga mananaliksik ang pagsusuri na ito na hango sa maikling kuwentong pambata ni Victoria Estrella C. Bravo na pinamagatang “Ako ang Kuya,” na iginawad ng parangal sa Don Carlos Palanca Memorial Award noong 2019. Ang maikling kuwentong ito ay tumatalakay sa karanasan ng pamilya ni Ramon at sa pagtrato sa kaniya ng mga taong kaniyang nakakasalamuha. Layunin ng mga mananaliksik na suriin ang

pananaw ng mga tao, epekto ng medya, at maiugnay ang karanasan sa totoong buhay upang mabigyang diin ang pangangailangan ng tiyak na representasyon para marinig ng lipunan ang kanilang boses—ang kanilang karanasan. Ang paggamit ng mga teorya tulad ng Realismo, Humanismo, at Sosyolohikal, kwalitatibong disenyo, at pagsusuri ng mga kaugnay na literatura, ang mga mananaliksik ay nakabahagi ng kanilang analisis at interpretasyon sa maikling kuwento at sa tunay na karanasan. Isinagawa ang pag-aaral na ito upang marinig ang boses ng mga taong may kapansanan, magbigay realisasyon at makabuluhang aral, at unawain ang mga suliraning kinakaharap para magbigay ng positibo na lipunan para sa mga taong may kapansanan.

**Mga Susing Salita**: Kapansanan, Diskriminasyon, Pananaw, Impluwensya ng Medya,Ako ang Kuya Bakla

Petsa ng Pagpasa: Mayo 10, 2024
Petsa ng Pagsang-ayon: Mayo 20, 2024
Petsa ng Paglathala: May 27, 2024

## PANIMULA

Sa mundong ating ginagalawan, ang bawat indibidwal ay naapektuhan sa bawat kilos o salita ng iba pang indibidwal. Napapalingon, natatawa, naistorbo, o nagtataka. Ito ang realidad kung paano nila makita sakanilang mata ang mga may kapansanan, may iba na binalewala lamang ito.

"Kabilang sa pinaka napapabayaan ay ang mga taong may kapansanan. Dumaranas sila ng pagtakwil bunga ng kamangmangan at diskriminasyon na nagdadala sa pagsasantabi sa kanila" (Francis, 2023). Upang makamit ang kalayaan ng lahat, ang pagpapakita ng respeto at pag-unawa sa taong may kapansanan ay kinakailangan, kagaya ng ating ginagawa sa ating mahal sa buhay. Kaya't mahalaga bigyang natin ng pansin ang perspektiba ng "atin" at hindi "kanila."

Naimpluwensyahan ba ng kanilang isipan ang karanasan at ang damdamin sa taong may kapansanan? Minsan sa iba, oo. Maaaring magdulot ito ng maraming suliranin, kabilang dito ang pakikibaka sa pamumuhay at isyu sa pagkalusugang kaisipan, maari din madamay ang pamilya nito. Ang pagtrato ng masama sa mga taong namumuhay sa mas mahirap na kalagayan, halimbawa, kung sila ay walang trabaho, may mababang kita, o mas mababang katayuan sa trabaho, isinalaysay sa pananaliksik (2017). Mahalagang tandaan na may damdamin at karanasan ang taong may, kapansanan tulad natin. Nararapat na sila ay tratuhin nang pantay at may paggalang.

Sa panahon ng pagsubok, ang pamilya ay laging nagsisilbing gabay sa buhay ng bawat isa. Isang halimbawa ay mga napaligiran natin, katulad ng ating pamilya na makakasam natin habang buhay. Ang pamilya ay nagtataguyod ng solidong samahan na nagbibigay ng suporta at proteksyon sa isa't isa. Sa kabila ng mga pagsubok na dala ng may kapansanan Ang mga ama at mga ina ay nagkaroon pa rin ng lakas upang matanggap ang kondisyon ng kanilang anak (Resurreccion, 2019) kahit sila ay pinagtawanan at tingnan ng masama. Sa kabila ng lahat ng mga ito, ang pamilya ay nananatiling buhay at makulay, patuloy na nagbibigay ng pag-asa at pagmamahal sa kanilang mga minamahal. Hindi man ito maunawaan agad, ngunit sa huli, palaging may mga taong magmamahal at mag-aalaga sa iyo sa anumang sitwasyon.

Tayo ay isang pamilya, upang maging mas maganda ang buhay sa ating mundo, itaguyod natin ang mga pamayanan na nagpapalakas sa bawat isa (Pascual, 2016). Batay sa pahayag, nabunga ang aming ginawang pananaliksik na suriin ang perspektibo ng mga taong may kapansanan.

Ang kuwentong "Ako ang kuya" ni Victoria Estrella C. Bravo. Tumatalakay sa karanasan ni Caloy at ni Ramon ang kanyang kapatid na may kapansanan, bagamat mas bata si Caloy sa kanila, tuloy pa rin ang kanyang pagpapakita ng suporta at gabay sa kanyang

kapatid. Ipinakita din dito na hindi lahat ng tao ay nagbibigay ng masamang trato sa may kapansanan, hindi lang natin namamalayan ang kanilang kabutihan.

*Layunin*

Mahalaga sa pananaliksik na ito na tukuyin ang kabuoang pag-aaral na matukoy ang naidulot na epekto ng pananaw ng ibang tao kay Ramon, at upang mailahad ang suliraning kinakaharap ni Caloy sa kabila ng kapansanan ng kanyang nakakatandang kapatid.

1. Natutukoy ang pananaw ng mga tao tuwing nakakakita ng mga taong may kapansanan.
2. Nailalahad ang epekto sa lipunan kung paano ipakita sa medya ang mga taong may kapansanan; at
3. Nauugnay ang karanasan ng pamilya ni Ramon sa maikling kuwento sa mga karanasan sa totoong buhay.

## KAUGNAY NA MGA PAG-AARAL AT LITERATURA

*Kapansanan mula sa pananaw ng mga tao at epekto nito sa lipunan*

Isa sa mga pangunahing alalahanin sa lipunan ng mga indibidwal na may kapansanan (PWD). Dahil sa kanilang mga limitasyon, ang indibidwal na may kapansanan ay hindi gaanong may kaya at may mas malaking kawalan. Sa eksperimentong nakapanayam ang mga indibidwal sa artikulo na isinulat ni Myong Y. et al (2021) ay nagresulta sa mga karanasan ng kababaan tulad ng “PWD contribute less to the community,” at “PWD achieves less due to their incapability.” Makikita natin mula rito na ang diskriminasyon mula sa kapansanan sa ibat-ibang tao ay tinatanggihan na isang kathang-isip.

Ang mga kapansanan na intelektwal o pag-lago mula sa mga bata ay nakakatanggap ng maraming diskriminasyon. Ang ilang mga tao ay makikita ito bilang isang bagay na nakatatawa. Kapag nakakaharap ng pagkakaiba sa edukasyon ang isang tao, maaaring makaramdam ng takot at kawalan ng katiyakan ang madaming tao sa pamamagitan ng isang sulyap nang walang taong may kapansanan na sumasalungat sa karahasan o anumang kaguluhan sa kanila. Bagaman, ang ilan ay nakadarama ng pakikiramay at empatiya para sa gayong mga kapansanan. Nauunawaan nila ang karamihang paghihirap at pagkakaiba na talagang mahaharapan nang higit sa karamihan ng mga tao. Ang kapansanan ng bata sa pag-unlad ay sumusunod pa rin sa mga kinakailangan ng kanilang pag-aaral. Kung walang garantiya ng pag-iwas sa diskriminasyon laban sa indibidwal na may kapansanan sa edukasyon, may posibilidad na maapektuhan nito ang bata. Sa isang artikulo na inakda ni Blanco (2015), nagsasaad ng mga estereotipikal na paglalarawan ay isinulat sa karamihang kurikulum ng paaralan gamit ang mga aklat na ginagamit sa pag-aral. Nagbibigay ito sa mga batang may espesyal na kinakailangan ng negatibong kahulugan ng kapansanan at ipinapakita ito sa paraang walang kinikilingan.

*Kapansanan mula sa pananaw ng mga tao at epekto nito sa lipunan*

Malaki ang papel ng medya sa pagiging pangunahing taga-impluwensya sa mga tao. Ang maikling kuwento ay isa sa mga uri ng medya. Ayon kina Kurtts at Gavigan (2008), ang paggamit ng panitikan para pagtuunan ng pansin ang mga isyu sa kapansanan sa mga bata at kabataan ay nakatutulong sa pag-unlad. Bukod sa epektibo ito sa pagbibigay pansin sa mga isyu, ang pagpapakilala ng mga kuwento tungkol sa mga may kapansanan ay tutulong para maunawaan ang pagkakaiba-iba sa mga may edad at murang edad, at sa pakikipag-isa.

Ang representasyon ng medya sa mga may kapansanan kadalasan ay nagbibigay ng negatibo na estereotipo tulad ng pagiging abala, o mangmang. Ayon sa pag-aaral nina Ruskus at Pocevicien (2001), ang kadalasan na paglalarawan o pagpapakilala ng mga may

kapansanan sa pag-unlad ay hindi sapat o hindi kaaya-aya, binibigyang diin ang kanilang pagkakaiba. Ayon sa pag-aaral ni Pelleboer-Gunnink et al. (2019), ibinahagi niya na ang apat na pangunahing estereotipo sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad ay palakaibigan, nangangailangan ng tulong, hindi matalino, at abala. Itinuturing ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad bilang "pagiging abala," ng mga partisipante sa kanilang pagsusuri na hindi pamilyar sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad. Mahalaga ang tamang representasyon ng mga may kapansanan sa pag-unlad upang unti-unting magbago ang pananaw ng mga taong hindi pamilyar sakanila.

Ayon sa pag-aaral ni Blanco (2015), iilan lamang ang mga panitikan sa Pilipinas na nagpapakita ng mga taong may kapansanan. Maituturing na suliranin sa lipunan ang kakulangan sa representasyon ng mga may kapansanan dahil ito ang isa sa mga paraan para maipahiwatig ang kanilang karanasan at sa pag-unawa ng ibang tao sakanila.

## METODOLOHIYA

### *Disenyo ng pag-aaral*

Gumamit ang mananaliksik ng paraang kwalitatibong disenyo sa pagbibigay interpretasyon sa mga nalikom na deskriptibong datos mula sa maikling kwento na "Ako ang Kuya" na isang Palanca Awardee na teksto. Naniniwala ang mananaliksik na angkop ang paggamit ng disenyong ito upang epektibong makuha at masuri ang mga punto na kinakailangan para masuri at masipat ang layunin ng pag-aaral.

### *Paraan ng pangangalap ng datos*

Sa pananaliksik na ito, ang paraan ng pangangalap ng datos na ginamit ay pagsusuri ng datos. Sa pamamagitan nito, hinaharap ng mga mananaliksik ang pag-unawa sa mas malawak na konteksto at kalakaran ng lipunan, at mga institusyon na nakakaapekto sa pananaw at karanasan ng mga indibidwal na may kapansanan.

Ang pagsusuri ng datos ay nagbibigay-daan sa paglalim ng pag-unawa sa mga epekto ng pananaw ng ibang tao kay Ramon, pati na rin ang paglalantad sa mga hamon na kinakaharap ni Caloy sa kabila ng kapansanan ng kanyang kuya.

### *Pag-aanalisa ng mga datos*

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay pag-aralan ang mga impresyon ng publiko sa mga taong nahihirapang umunlad, kanilang mga opsyon sa karera, at kanilang representasyon. Nag-imbestiga ang mga mananaliksik sa mga pagkakataon, pagkiling, at mga epekto sa mga taong nahihirapang umunlad. Sinusuri ng mga mananaliksik ang paraan kung paano kumilos ang mga taong nahihirapang umunlad at sa anong paraan ito nakakaapekto sa lipunan sa kabuuan.

## INTERPRETASYON AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

### *Pananaw ng mga tao*

Ang maikling kuwentong pambata na pinamagatang "Ako ang Kuya" ay binubuo lamang ng limang pahina. Napakaloob sa limang pahina ang kapansin-pansing realidad sa mga may kapansanan. Bata lamang si Caloy, ang kaniyang kuyang Ramon ay isa na sa mga pangunahing prioridad. Kahit na may dalawang taon na agwat at lamang ng anim na pulgada, si Caloy na labing-lima ang tumatayo na kuya sa kaniyang kapatid na si Ramon na disi-otso.

Binigyan larawan ni Caloy ay kanyang sitwasyon–habang palaki nang palaki si Ramon, ang kaniyang isip ay nanatili sa pagkabata, at dahil doon, siya na ang tumatayo bilang kuya

sakanilang dalawa. Inilarawan ni Caloy si Ramon bilang isang higante na naligaw sa bayan ng mga langgam, kung ano man ang gawin niya, kung asan man siya, dala niya ay panganib. Ibinahagi ng CDC o Center for Disease Control and Prevention na ang mga developmental disabilities ay isang grupo ng mga kondisyon na dulot ng pagkahina sa pisikal, pag-aaral, wika, o asal. Ito ay nagsisimula sa pag-laki sa murang edad at nanatili habang buhay.

Itinalakay ni Caloy na kahit saan sila pumunta may mga taong napapalingon, natatawa, naiistorbo, at nagtataka. Nahihiya si Caloy tuwing nangyayari ito. Ayon sa pag- aaral ni Lasco et al. (2022) ang mga pamilya ang nag-aalaga sa mga anak nila na may kapansanan at pinagdaraanan nila ang iba't ibang pasanin ng kapansanan. Napansin ni Caloy ang pag-ilang ng mga tao kay Ramon, at siya ay nagpapasalamat na walang kamalay-malay si Ramon tungkol dito, ngunit inilahad ni Caloy na siya ang malas na nakakabasa sa matatalim na tingin, nakakarinig sa mga bulong, at halakhak.

Kinalabasan, parang nababasa ni Caloy ang nasa isip nila dahil sakanilang mga mukha tulad ng "Ay sintu-sinto pala." Ayon sa pag-aaral ni Resurrecion (2013), negatibo talaga ang kadalasang opinyon ng mga tao tuwing nakakasalubong ng mga taong may kapansanan.

Noong araw na dinapuan ng sigla si Ramon, may ale na nagalit at pinagsabihan ang pamilya nila, kaya wala na silang magagawa kundi umalis sa lugar na iyon, habang si Caloy ay napatitig sa kaniyang mga paa. Hawak-hawak ni Caloy ang kamay ni Ramon, ngunit hindi namalayan ni Caloy na nakawala na pala si Ramon sakaniyang hawak dahil malalim ang kaniyang iniisip. Hinanap niya si Ramon, at nakita niyang inaasikaso siya ng isang matanda.

Sinabihan kuno ni Ramon ang matanda na hahanapin siya ng kaniyang kuya. Hinikayat siya ng matanda na bumisita ulit sa tindahan nila. Mabait ang pakikitungo ng matanda kay Ramon, kung kaya't napagtanto ni Caloy na may kagandahang-loob pa pala sa mundong ito.

Ayon sa pag-aaral ni Resurrecion (2013), ang pagkakakilala ng lipunan ay negatibo kahit totoo na malaking pasakit ang dala nito sa pamilya ngunit mayroon itong positibong mukha.

*Salik ng medya sa paghahasa ng mga pananaw ng mga tao*

Ang medya, tulad ng maikling kuwento, ay nagsisilbing daan upang ipahiwatig ang mga boses partikular sa isyu, aral, at magbigay ng malalim na pag-unawa at kamalayan sa iba't ibang mga pananaw at karanasan na kadalasan ay hango sa totoong buhay.

Sa pananaliksik na isinagawa ni Nancy (2001), ang representasyon sa mga aklat ay nagpapakita ng eksaktong representasyon ng mga may kapansanan sa iba't ibang kultura.

Ang representasyon ng mga tauhan na may kapansanan ay mahalaga na batay sa realidad dahil ito ay nakakaimpluwensiya sa paraan ng pagtungo ng tao sakanila. Ngunit, sa kasalukuyang panahon, minsan nalang tayo makakita ng mga bata o kabataan na nagbabasa ng libro.

Bukod sa maikling kuwento, mayroon na ring mga bidyo na mapapanood sa sosyal medya at ang ilan dito ay mga maikling kabanata o episode na may karakter na may kapansanan sa pag-unlad. Kadalasan, ipinapakita sa kabanata na sila ay inaapi na kanilang kasing-edad dahil sila ay kakaiba. Karamihan sa mga bidyo na ito ay nagtatapos sa mga nang-aapi na humihingi ng tawad at nakikipagkaibigan sa may kapansanan na kanilang inapi, kadalasan, hindi rin malinaw ang pinapahiwatig na mensahe. Ayon sa United Nations Enable, lubos na naimpluwensyahan ang opinyon o pananaw ng publiko at ang mga pamantayan sa lipunan sa mga larawan at kuwento. Kung ano man ang ipinakita sa medya, karamihan sa mga tao ay agad na paniniwalaan ito.

Ang medya rin ay nagbibigay ng kamalayan tungkol sa mga isyu sa lipunan. Malalaman natin ang paniniwala at pananaw ng isang indibidwal. Sa maikling kuwentong, "Ako ang

Kuya," tinalakay ng may-akda ang isyu na naroroon sa mga may kapansanan. Ang nadarama ng pamilya ni Ramon sa mga mata at bulong ng mga tao tuwing sila ay napapadaan. Sa pananaliksik ni Pelleboer-Gunnink et al. (2019), ibinahagi niya na ang pananaw ng mga taong walang kamalayan sa mga taong may kapansanan ay pagiging abala.

Ang representasyon ng mga may kapansanan sa medya ay mayroong malaking posibilidad na nag-impluwensya sa mga tao partikular sa mga walang kamalayan, dahil madalas na ipakita sa medya ang pagsubok na dinanas ng mga tao o pamilya tulad ng kay Ramon.

*Salasalaming karanasan ng mga tauhan sa kwento at sa totoong buhay*

Sa totoong buhay, alam natin ang pagkakaroon ng iba't ibang pananaw at perspektibo sa mga tao, kabilang na ang pagkakaroon ng sariling mga pangarap, mga bagay na ninanais, karanasan, at mga damdaming espesyal sa ating puso. Sa kuwentong "Ako ang Kuya," ipinapakita rin ang iba't ibang karanasan ng mga tauhan, tulad nina Caloy, Ramon, ang mga magulang, at iba pang mga tao sa kanilang paligid. Ang karanasan ng mga tauhan, sa ilang aspeto, ay tumutugma sa tunay na karanasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga kuwento bilang salamin sa buhay ng mga indibidwal. Maikling kuwento na talagang marami itong mapupulutan na magtutungo sa kanilang pagmulat sa mga realidad na nangyayari sa buhay ng mga Pilipino na magagamit sa hinaharap. (Camille Tiopnes, 2017). Ito ay magsilbing gabay upang higit na maunawaan ng mga mambabasa ang mga karanasan ng bawat indibidwal at ang mga hamon na kanilang hinaharap sa pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagtuklas sa mga kuwento, maaring matuto ang mga tao na nagpapahalaga sa iba't ibang perspektibo at maging mas maunawaan sa kanilang kapaligiran.

## KONKLUSYON

Sa maikling kwento na "Ako ang Kuya" ni Victoria Estrella C. Bravo, isinaad doon ang isang lalaki na may nakakatandang kapatid ngunit ito'y parang bata lamang dahil sa kanyang kapansanan. Kaya't siya ang tumatayo bilang kuya kahit siya ang bunso, imbis na kuya ang nagbabantay sa bunso, siya ang nakabantay sa kuya niya. Humarap ang kanilang pamilya sa matinding pagsubok araw-araw, pinagtatawanan sila ng mga tao at binubulangan sa tuwing kasama nila ang kanilang anak na may kapansanan kapag sila'y umaalis. Unti-unting nakaramdam ng kahihiyan ang kanilang pamilya ngunit sa kabila ng pagsubok na kanilang kinakaharap ay mas tumatag ang kanilang pagsasamahan at pagmamahalan bilang isang pamilya. Isang araw ay may isang matanda na naging mabuti sakanya at siya'y inalagaan kahit saglit lamang, naisip niya na may tao pa rin talaga na magiging mabuti kahit tingin ng mga tao ay sinto-sinto lamang siya.

Ang maikling kwento na ito ay nagdadala ng isang magandang aral at realisasyon sa mga mambabasa. Sumasalamin ito sa mga pangyayaring nararanasan ng mga taong may kapansanan sa realidad, ipinakita na may kabutihang naghihintay para sa tulad nila sa mundong puno ng mga negatibong salita. Ipinapahiwatig ng maikling kwento na hindi dahilan ang kasamaan o sinasabi ng ibang tao upang ika'y huminto at magpapaapekto sa kanilang sinasabi, hindi lahat ng tao sa mundo ay kasamaan ang nasa isip, Ipinakita rin nito ang mga pangunahing dahilan at suliranin sa hinaharap na maaaring magdulot ng matinding pagsubok at limitasyon sa kanilang pag-unlad at pag-abot ng pangarap.

Sa kabuuan, ang "Sa Mata ng Tao: Ako angKkuya" ay isang maikling kuwentong pambata na nagpapakita ng mga taong may kapansanan at kanilang karanasan sa ilalim ng mga iba't ibang pananaw ng tao; at nag-impluwensya ng lubos na pagmamahal sa kapwa sa isip at puso ng kabataan. Ang maikling kuwento na ito ay nagsisilbing boses para sa mga

pamilya at tao tulad ni Ramon upang maipahiwatig ang kanilang saloobin at nadarama, higit itong nagdadala ng karagdagang kaalaman at kamalayan ng lipunan.

Tulad ni Ramon at ang kanilang mga pangangailangan, karanasan. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtitiis, pagmamahal, at pagtitiis sa kabila ng mga kahihiyan at mga halos na parusang negatibo. Ipinapahiwatig ng maikling kwento na sa kabila ng kasamaan may mga nag-aalaga at magiging mabuti sayo. Ang mga mambabasa ay maaaring maging mas mahusay na kaibigan, kasama, at mambabatas sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagmamahal sa mga tao na tulad ni Ramon.

TALASANGGUNIAN

"It's as if I'm the one suffering": Narratives of Parents of Children with Disability in the Philippines. (2021). Acta Medica Philippina. https://doi.org/10.47895/amp.vi0.658

Anastasiou, D., & Kauffman, J. M. (2010). Disability as cultural difference. Remedial and Special Education, 33(3), 139–149. https://doi.org/10.1177/0741932510383163

Blanco, K. a. E. (2015). Understanding the Portrayal of Disability in Selected Filipino Children's Picture Books. https://ejournals.ph/article.php?id=6778

Bravo (2019). Ako ang Kuya http://www.palancaawards.com.ph/images/Winning_works/2019_CPMA/FILIPINO_DIVISION/MAIKLING-KUWENTONG-PAMBATA/Ako-ang-Kuya-2ndprize-VBravo.pdf

Disability and the media | United Nations enable. (n.d.). https://www.un.org/development/desa/disabilities/resources/disability-and-the-media.html#:~:text=Images%20and%20stories%20in%20the,stereotyped%20and%20not%20appropriately%20represented.

Education Libraries, 31(1), 23-31. https://libres.uncg.edu/ir/uncg/f/S_Kurtts_Understanding_2008.pdf

Kurtts, S. A., & Gavigan, K. (2008). Understanding (dis)abilities through children's literature.

Pelleboer-Gunnink, H. A., Van Weeghel, J., & Embregts, P. (2019). Public stigmatisation of people with intellectual disabilities: a mixed-method population survey into stereotypes and their relationship with familiarity and discrimination. Disability and Rehabilitation, 43(4), 489–497. https://doi.org/10.1080/09638288.2019.1630678

Resurreccion, R. R. (2013). Ang Kabilang Mukha ng Autismo: Mga Pagpapakahulugan ng Mga Magulang sa Karanasan ng Pagkakaroon ng Anak na may Autismo. https://ejournals.ph/article.php?id=8046

Ruskus, J. & Poceviciene (w.t.). What Lithuanian Pupils Learn about Disability: Analysis of Attitudes and Content of Textbooks. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED493956.pdf

Vilchinsky, N., Findler, L., & Werner, S. (2010). Attitudes toward people with disabilities: The perspective of attachment theory. Rehabilitation Psychology, 55(3), 298 306. https://doi.org/10.1037/a0020491